REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000

*Sama-Sama sa DECS*

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

June 30, 2000

DECS MEMORANDUM
No. 291, s. 2000

## "KAYA MONG MAGKUWENTO, KID!" CONTEST

To: Regional Directors
Schools Division/City Superintendents
Private Elementary Schools Principals

1. The Jollibee Foods Corporation launched the "Kaya Mong Magkuwento, Kid!" Nationwide Storybook Writing and Illustration Competition last June 25, 2000.

2. The contest is part of the Jollibee's yearly Kaya Mo, Kid! campaign that aims to empower the Filipino child. The objective of this contest is to provide a venue for children to put their limitless creative potential to the fore by characterizing their role in strengthening family bond in storybook form.

3. The contest is open to elementary school children from both public and private schools. There will be two (2) categories: Category A for Grades 3-4; and Category B for Grades 5-7. The deadline for submission of entries will be on August 20, 2000. Enclosed are the contest mechanics.

4. For inquiries, call Ms. Cecile Gualberto, Account Manager of McCann-Erickson Philippines, at tel. no. 840-57-41 local 6213.

5. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Secretary

Encl.: As stated
Reference: DECS Memorandum: No. 272, s. 1999
Allotment: 1—(D.O. 50-97)
To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

CONTESTS PUPILS

(Enclosure to DECS Memorandum No. 291, s. 2000)

**KMKK MECHANICS**

1. Ang paligsahan ay bukas sa mga mag-aaral ng mababang paaralan (public at private). May dalawang kategorya ang paligsahan:

| | | |
|---|---|---|
| Category A | - | Grades 3-4 |
| Category B | - | Grades 5-7 |

Bawat paaralan ay maaaring magpadala ng kahit ilang lahok o entry sa bawat kategorya. Ang bawat entry ay kailangang gawa ng hindi hihigit sa dalawang mag-aaral.

2. Ang mga kalahok ay lilikha ng isang kumpletong storybook ayon sa temang ito:
**"kaya ng isang batang patibayin ang pagkakaisa ng pamilya"**

Ang kuwento ay dapat nasusulat sa wikang Filipino at hindi hihigit sa 500 salita.

Para sa ilustrasyon, maaaring gumamit ng anumang uri ng papel, ngunit hindi dapat humigit sa sukat na 8 ½ in x 11 in.

Ang dami ng ilustrasyon sa storybook ay hindi dapat bababa sa 5 at hindi hihigit sa 14. Maaaring gumamit ng kahit alin sa mga sumusunod na media: pencil, charcoal, watercolor, oil color, crayons, colored pencils, markers, digital artwork, mixed media (paper cut-outs, clay, fabric, atbp.)

Ang storybook ay hindi dapat humigit sa 14 na pahina (kasama ang front and back cover).

Idikit ang bawat pahina sa illustration board na may sukat na 9 ½ in. x 12 in. Siguraduhing maayos ang pagkakasunud-sunod ng mga pahina. Lagyan ng bilang ang bawat illustration board.

Isilid sa malaking envelope o kahit anong katulad na sisidlan ang mga illustration boards. Ipadala ang entry sa pinakamalapit na Jollibee store kasama ng Contest Application Form (maaaring makuha sa mga paaralan at mga Jollibee stores) na may kumpletong impormasyon at lagda ng inyong school principal.

Maaaring magpadala ng entries hanggang Agosto 20, 2000.

3. Magkakaroon ng Regional Finals, National Semi-Finals at National Finals.

Para sa Regional Finals, ang pagpili ay gaganapin mula Agosto 28, 2000 hanggang Setyembre 10, 2000 sa mga piling Jollibee stores.

Ang mga entries na mananalo sa Regional Finals ay tatanggap ng medalya, P3,000 cash at P2,000 Jollibee Gift Certificates. Tatanggap naman ang kanilang paaralan ng Plaque of Appreciation mula sa Jollibee.

4. Ang National Semi-Finals ay gaganapin sa Setyembre 27, 2000. Pipili ng limang finalists sa bawat kategorya upang kumatawan sa mga sumusunod :

| | | |
|---|---|---|
| GMA | - | 2 finalists |
| Southern Luzon | - | 2 finalists |
| Northern Luzon | - | 2 finalists |
| Visayas | - | 2 finalists |
| Mindanao | - | 2 finalists |

Ang mga mapipili ay padadalhan ng sulat upang makadalo sa National Finals. Ang mga National Finalists na hindi taga-Metro Manila ay bibigyan ng round trip ticket upang makadalo (kasama ang official representative ng paaralan at isang magulang/tagapangalaga para sa bawat kalahok).

5. Magkakaroon ng validation test sa pamamagitan ng *on-the-spot writing and illustration*. Bawat kalahok ay bibigyan ng isang oras upang lumikha ng kuwento o ilustrasyon.

6. Ang National Finals ay gaganapin sa Oktubre 12 - 14 sa Metro Manila. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng sampung minuto upang ilahad sa inampalan ang kanilang entry.

PAMANTAYAN SA PAGHATOL (regional, national semi-finals at national finals)

**Kuwento :**

| | |
|---|---|
| Orihinalidad/Kabaguhan<br>*Originality/Freshness* | 15% |
| Nilalaman<br>*Content* | 15% |
| Organisasyon<br>*Organization* | 10% |
| Kaugnayan sa tema<br>*Relevance to the Theme* | 10% |

**Ilustrasyon:**

| | |
|---|---|
| Interpretasyon ng kuwento<br>*Interpretation of the Story* | 20% |
| Malikhaing paggamit ng napiling medium<br>*Creative use of the medium* | 20% |
| Pangkalahatang impresyon<br>*Overall Impact* | 10% |
| **TOTAL** | 100% |

7. Sa bawat kategorya, ang entry na may pinakamataas na puntos ang tatanghaling National Winner. Ang mga grupong mananalo ay tatanggap ng :

National Winner : P20,000 Cash
P3,000 Jollibee Gift Certificates
IBM Personal Computer (para sa bawat kalahok)
Jolly Kiddie Party (para sa bawat kalahok)

Ang kanilang paaralan ay tatanggap ng tropeo at isang IBM Personal Computer.

Second Place : P15,000 Cash
P3,000 Jollibee Gift Certificates

Ang kanilang paaralan ay tatanggap ng tropeo at kaukulang special prize package.

Third Place : P10,000 Cash
P3,000 Jollibee Gift Certificates

Ang kanilang paaralan ay tatanggap ng tropeo at kaukulang special prize package.

8. Ang hatol ng inampalan ay hindi na mababago.

9. Ang mga anak ng empleyado ng Jollibee Foods Corporation, Jollibee stores at franchisees, ang mga subsidiaries, PR, Advertising at support agencies nito, ang kanilang suppliers, at mga kamag-anak nila hanggang second degree of consanguinity at affinity ay hindi maaring lumahok sa paligsahang ito.

10. Ang lahat ng winning entries, mula regional hanggang national finals, ay magiging pag-aari na ng JFC.